

Maligayang pagdating sa Toyohashi

豊橋へようこそ — この冊子は「サンプル物流株式会社 豊橋営業所」用に作った見本です（会社は架空、地域情報は豊橋市の公開情報・2026年9月時点）。

Kumpanya / 会社 : Sample Logistics Co., Ltd. – Toyohashi（サンプル物流株式会社 豊橋営業所）

Lugar ng trabaho / 事業所 : Akemi-cho, Toyohashi-shi, Aichi（愛知県豊橋市明海町 ※架空）

Dormitoryo / 寮 : Ushikawa-cho, Toyohashi-shi（豊橋市牛川町 ※架空）

Wika / 言語 : Tagalog + 日本語

Bersyon / 版 : 2026-09 · 特定技能基準省令 第3条

Paano gamitin ang handbook na ito

この冊子の使い方

May 7 bahagi ang handbook na ito, ayon sa 6 na grupo ng impormasyon na iniaatas ng batas ng Japan na ipaliwanag ng kumpanya sa iyo sa wikang nauunawaan mo (8 oras o higit pa sa kabuuan). Ang kulay-abong tekstong Japanese ay para basahin kasama mo ng support staff ng kumpanya.

法律（特定技能基準省令第3条）が定める6つの情報提供事項に沿って7章で構成しています。母国語の下に日本語を併記しているので、支援担当者が一緒に確認しながら進められます。

8-oras na iskedyul (2 araw) / 8時間の進め方（2日間）

Araw / 日	Oras / 時間	Nilalaman / 内容	Materyal / 教材
Araw 1	13:00–13:50	Bahagi 1: Ang kumpanya, support person, saan hihingi ng tulong 相談窓口・担当者	Handbook + 自社編
	14:00–14:50	Bahagi 2: Pagbiyahe at mga alituntunin sa trapiko 交通ルール・通勤	ISA video (2) + 自社編
	15:00–15:50	Bahagi 3: Basura at mga alituntunin sa pamumuhay sa Toyohashi 生活ルール・ごみ	Video (3)(4) + 自社編
	16:00–17:00	Bahagi 4: Mga ospital at health insurance 医療機関・健康保険	Video (5)(8) + 自社編

Araw 2	13:00– 13:50	Bahagi 5: Sakuna, sunog, emergency 防災・防犯・緊急時	Video (6) + 自社編
	14:00– 14:50	Bahagi 6: Mga proseso, buwis, pensyon 届出・税・年金	Video (7)(9)(10) + 自社編
	15:00– 15:50	Bahagi 7: Mga batas na nagpoprotekta sa iyo 法的保護・労働	Video (11)(12) + 自社編
	16:00– 17:00	Pagbabalik-aral, quiz, pagpirma sa confirmation form 確認テスト・確認書に署名	Mga huling pahina

一般編 = libreng video ng Immigration Services Agency (17 wika). **自社編** = ang bahaging para lang sa iyong kumpanya at lugar (ang handbook na ito).

1 Ang iyong kumpanya at support person

相談・苦情の窓口（運用要領 (3)）

Support person (支援担当者): TANAKA Hanako（田中 はなこ ※架空）

Telepono: 090-XXXX-XXXX（8:30–17:30, Lun–Biy）・ **Email:** shien@sample-logi.example

Puwede kang magtanong sa Tagalog o English sa LINE/Viber. Sa labas ng oras na ito, mag-message at sasagutin ka kinabukasan ng umaga. Emergency: tumawag muna sa 110 / 119.

支援担当者の氏名・電話・メールは法律で必ず伝える項目です。自社版ではここに実際の担当者を入れます。

Puwede mong kausapin ang support person tungkol sa / 相談できること

- Sahod, oras ng trabaho, day off, trabahong iba sa kontrata
賃金・労働時間・休日・契約と違う仕事
- Dormitoryo, sakit, aksidente, emergency ng pamilya sa Pilipinas
寮・病気・けが・家族の緊急事態
- Masamang pakikitungo, pambu-bully, pagkuha ng iba sa iyong pasaporte (bawal)
ハラスメント・パスポートの預かり（違法）

Libreng konsultasyon ng gobyerno sa Toyohashi / 公的な相談窓口

Tungkol sa / 内容	Saan / 窓口	Address / telepono / 住所・電話
Lahat ng bagay sa araw-araw na buhay, may Tagalog 生活全般（タガログ語対応）	INFOPIA – General consultation desk para sa mga dayuhan (Toyohashi International Association)	emCAMPUS East 2F, Ekimae-odori 2-81, Toyohashi・090-1860-0783・araw-araw 9:00–17:00 (sarado sa holiday, 12/29–1/3)

外国人総合相談窓口

Visa, residence card 在留手続	Nagoya Regional Immigration Bureau – Toyohashi Port Branch 名古屋出入国在留管理局 豊橋港 出張所	〒441-8075 Jinno-futo-cho 3-11, 2F ・ 0532-32-6567 ・ 9:00–16:00 (Lun– Biy)
Hindi nabayaranang sahod, sobrang overtime, aksidente sa trabaho 賃金未払・長時間労働・労 災	Toyohashi Labour Standards Inspection Office 豊橋労働基準監督署	〒440-8506 Daikoku-cho 111, 6F ・ 0532-54-1192 ・ Labour consultation 0532-81-0390
Paghahanap ng trabaho, unemployment insurance 職業相談・失業給付	Hello Work Toyohashi / Employment Service Center for Foreigners ハローワーク豊橋・豊橋外国人職 業相談センター	Daikoku-cho 111 ・ 0532-52-7191 / Daikoku-cho 73, Daikoku Bldg 2F ・ 0532-57-1356
Diskriminasyon, problema sa karapatang pantao 人権相談	Foreign-language Human Rights Hotline (Ministry of Justice) 外国語人権相談ダイヤル	0570-090911 (Lun–Biy 9:00–17:00; may Tagalog)
Krimen, aksidente sa kalsada 犯罪被害・交通事故	Toyohashi Police Station 豊橋警察署	〒440-8503 Hatcho-dori 3-8 ・ 0532- 54-0110 ・ Emergency: 110
Resident tax, national health insurance, serbisyo ng lungsod 住民税・国保・行政サービ ス	Toyohashi City Hall (Multicultural & International Affairs) 豊橋市役所 多文化共生・国際課	〒440-8501 Imahashi-cho 1 ・ 0532- 51-2111 / 0532-51-2023
Problemang legal 法的トラブル	Houterasu (Japan Legal Support Center), may interpreter 法テラス 多言語情報提供サービ ス	0570-078377
Nawalang pasaporte, usaping konsular パスポート紛失など	Embahada ng Pilipinas, Tokyo 在日フィリピン大使館	Roppongi, Minato-ku, Tokyo ・ 03- 5562-1600 (要確認)

Pinagmulan: [INFOPIA \(豊橋市\)](#)・[名古屋出入国在留管理局](#)・[厚生労働省 愛知県所在地一覧](#)・[愛知県警 豊橋警察署](#)

2 Pagbiyahe at mga alituntunin sa trapiko

交通ルール・通勤（運用要領 (1)③④）

Mula sa dormitoryo (Ushikawa-cho) papunta sa lugar ng trabaho (Akemi-cho):

umaalis ang shuttle bus ng kumpanya sa gate ng dormitoryo nang 7:20, mga 35 minuto. Kung hindi mo naabutan: Toyotetsu bus mula sa Toyohashi Station; ituturo ng support person ang ruta.

自社版では実際の通勤手段・経路・所要時間・定期券やICカードの買い方を入れます。

- **Sa kaliwa tumatakbo ang mga sasakyan; sa kanan naglalakad ang mga tao.**

Prayoridad ang naglalakad.

車両は左側通行、歩行者は右側通行、歩行者優先

- **Bisikleta:** sa Aichi, sapilitan ang bicycle liability insurance (mula Okt 2021). Inirerekomenda ang helmet (mula Abr 2023). Bawal ang cellphone, payong, angkas, at pagbibisikleta nang lasing.

愛知県は自転車損害賠償責任保険が義務。ヘルメット努力義務。スマホ・傘さし・二人乗り・飲酒運転は禁止

- **Iparehistro ang bisikleta (防犯登録)** sa tindahan kapag bumili o tumanggap ng bisikleta.

購入時・譲り受け時に防犯登録

- **Kotse at motorsiklo:** kailangan ng lisensya ng Japan (o na-convert). Huwag magmaneho ng sasakyan ng kumpanya nang walang pahintulot.

自動車・バイクは日本の運転免許が必要。任意保険への加入も推奨

- **IC card (manaca / TOICA):** bilhin sa istasyon at mag-load sa makina. Mas mura ang commuter pass (定期券) kung araw-araw kang sumasakay.

ICカード・定期券の購入方法

3 Basura at mga alituntunin sa pamumuhay sa Toyohashi

生活ルール・ごみの出し方（運用要領 (1)⑤⑥）

Pinaghihiwalay ng Toyohashi ang basura sa **11 uri**. Ang nasusunog at basurang kusina ay dapat ilagay sa **itinakdang supot ng lungsod** (binebenta sa supermarket at convenience store). Ang basurang inilabas sa maling araw o maling supot ay hindi kinokolekta at nakakaabala sa kapitbahay.

豊橋市は11分別。もやすごみ・生ごみは指定ごみ袋。収集日は地区ごとのクリーンカレンダーで確認（自社版では寮の地区の実際の曜日を記載）。

Uri / 区分

Halimbawa / 例

Araw ng koleksyon
(lugar ng dorm,
sample) / 収集日

Supot / 袋

Nasusunog もやすごみ	pirasong papel, diaper, sapatos, maliit na kahoy	2 beses kada linggo (hal. Lun/Huw)	Itinakdang supot
Basurang kusina 生ごみ	tirang pagkain, patuluin ang tubig	2 beses kada linggo (hal. Lun/Huw)	Itinakdang supot
Bote at lata びん・カン	banlawan, tanggalin ang takip, huwag pipiin ang lata	Huwebes o Biyernes	Malinaw na supot
Plastik na may marka プラ プラマークごみ	balot, tray ng karne, bento box, bote ng shampoo	Miyerkules	Malinaw na supot
PET bottle ペットボトル	tanggalin ang takip at label, banlawan; takip/label → プ ラ	Miyerkules (hiwalay na supot)	Malinaw na supot
Mapanganib 危険ごみ	fluorescent tube, spray can, blade, baterya, power bank	Miyerkules, isang beses kada 4 linggo	Malinaw na supot, pinagsama ayon sa uri
Nababasag こわすごみ	maliliit na appliance na wala pang 60 cm, kaldero, payong, salamin, styrofoam	Lun o Mar, isang beses kada 4 linggo	Itinakdang supot
Tela 布類	malinis na damit, kumot	Lun o Mar, isang beses kada 8 linggo	Malinaw na supot
Itinatabon / Lumang papel / Malalaking bagay うめるごみ・古紙・大 きなごみ	seramika; dyaryo, karton; mahigit 120 cm (mag-book, may bayad)	Kalendaryo ng lugar / booking	—

Pamumuhay kasama ang kapitbahay / 近隣とのルール: Walang ingay pagkatapos ng 22:00 (malakas na usapan, musika, pagtitipon sa balkonahe). Huwag pumasok sa bukid o bakanteng lote ng iba. Manigarilyo lang sa pinahihintulatang lugar; may multa ang pagtatapon ng upos. Huwag maglagay ng gamit sa pasilyo. Dormitoryo: walang bisitang magpapalipas ng gabi nang hindi sinasabi sa support person.

夜間の騒音・無断で畑や空き地に入らない・喫煙場所のルール・寮の来客ルール（自社版で寮規則を記載）

Pamimili malapit sa dormitoryo / 生活必需品の購入

Pinakamalapit na supermarket, convenience store, drugstore at tindahan ng appliance: isusulat dito ng support person ang mga pangalan at mapa (blangko sa sample).

自社版では最寄りのスーパー・コンビニ・ドラッグストア・家電量販店の名称と地図を記載

4 Kapag may sakit: ospital at insurance

医療機関・健康保険（運用要領 (1)②・(4)）

- **Laging dalhin ang health insurance card** (o rehistradong My Number card). 30% lang ng gastos ang babayaran mo.
保険証（マイナ保険証）を持参。自己負担3割
- Kung may allergy o limitasyon sa paggamot dahil sa relihiyon, sabihin sa doktor.
アレルギー・宗教上の制限は医療機関に伝える
- Kung hindi mo naiintindihan ang Japanese sa ospital, puwedeng tumawag ang ospital sa **Aichi Medical Interpretation System** (interpreter sa lugar o sa telepono). Puwede ka ring tumawag sa INFOPIA (090-1860-0783) para sa tulong sa Tagalog.
あいち医療通訳システム、INFOPIAでタガログ語相談

Sitwasyon / 症状	Saan / 医療機関	Address / telepono
Emergency, malubhang sakit, aksidente 救急	Toyohashi Municipal Hospital 豊橋市民病院	〒441-8570 Aotake-cho, Toyohashi・0532-33-6111・Kung nasa panganib ang buhay: tumawag sa 119
Sipon, lagnat, banayad na sakit ng tiyan 内科	Klinika malapit sa dormitoryo (nakapangalan sa bersyon ng kumpanya) 寮近くのクリニック	—
Gabi, holiday 夜間・休日	Tingnan ang "Aichi Emergency Medical Guide" o itanong sa support person あいち救急医療ガイド	city.toyohashi.lg.jp/41012.htm

Pribadong insurance / 民間医療保険：Maaaring mahal ang bayad sa medical interpreter at malaking paggamot. Ipinakikilala ng kumpanya ang opsyonal na insurance para sa mga dayuhan. Itanong sa support person.

医療通訳費用等をカバーする民間医療保険の案内（運用要領で求められる項目）

5 Sakuna, sunog at emergency

防災・防犯・緊急時（運用要領 (5)）

110 Pulis / 警察

119 Bumbero / ambulansya / 消防・救急

118 Coast guard / 海上保安庁

Sabihin ang **"Tagalog"** o **"English"**; puwedeng ikonekta ng operator ang interpreter. Sabihin ang address ng dormitoryo (nakadikit sa pinto).

通報時は住所を伝える。寮の玄関に住所カードを貼る

Evacuation shelter ng dormitoryo / 寮の第一指定避難所：

Ushikawa District Community Centre (牛川校区市民館)

Ushikawa-cho Nakago 13-28 · 0532-53-9533

Mga 10 minutong lakad (mapa sa susunod na pahina – sample).

自社版では寮の住所から該当校区の第一指定避難所・津波避難ビルを記載

- **Lindol:** nasa Nankai Trough earthquake zone ang Toyohashi. Kapag yumanig: sumilong sa ilalim ng mesa, buksan ang pinto, patayin ang kalan pagkatapos ng yanig. Malapit sa dagat/daungan: pumunta agad sa mataas na lugar kapag may tsunami warning (津波避難ビル).

南海トラフ地震・津波：高い場所へ

- **Bagyo (Ago-Okt):** sundin ang babala, manatili sa loob, maghanda ng 3 araw na tubig at pagkain.

台風

- **Sunog:** huwag iwanang nakabukas ang kalan o heater kapag lalabas; patayin nang tuluyan ang sigarilyo; alamin kung nasaan ang fire extinguisher.

コンロ・ストーブ・たばこの不始末、消火器の場所

- **Alerto sa cellphone:** i-on ang "緊急速報メール" (libre, awtomatiko) at magparehistro sa "Toyohashi Hot Mail" ng lungsod. Disaster map sa wikang banyaga: pahina 30498 ng lungsod.

緊急速報メールの設定、豊橋ほっとメール、外国語版防災マップ

- **Pag-iwas sa krimen:** i-lock ang pinto, huwag ibigay kaninuman ang bank card o SIM, mag-ingat sa tawag na humihingi ng pera.

防犯

Pinagmulan: [第一指定避難所一覧（豊橋市）](#) · [外国語版防災マップ](#)

6 Mga proseso, buwis at pensyon

届出・社会保険・税（運用要領 (2)）

Gawain / 手続き

Kailan / いつ

Sino / 誰が

Iparehistro ang address (住居地届出) sa city hall 新規上陸後の住居地届出	Sa loob ng 14 araw matapos lumipat	Ikaw + sasamahan ng support person
Ipaalam sa Immigration kapag nagpalit ng kumpanya o nagbago ang pangalan/address ng kumpanya 所属機関に関する届出	Sa loob ng 14 araw	Ikaw (online o koreo), tutulong ang kumpanya
Health insurance at employees' pension (健康保険・厚生年金) 給与から天引き	Awtomatikong ibinabawas sa buwanang sahod	Kumpanya
Income tax (所得税) 年末調整	Ibinabawas buwan-buwan; year-end adjustment sa Disyembre	Kumpanya (magsusumite ka ng dokumento kung may dependent)
Resident tax (住民税) 前年所得に課税・2年目から	Magsisimula sa ika-2 taon; may utang ka pa rin sa buwis ng nakaraang taon kahit umuwi ka → bayaran nang buo o magtalaga ng tax agent	Ibinabawas ng kumpanya sa sahod
My Number (マイナンバー) 通知カード・マイナンバーカード	Ipapadala ang notice matapos iparehistro ang address; gawin ang card para magamit bilang insurance card	Ikaw

Mahalaga: Kung may hindi bayad na insurance o buwis, maaaring tanggihan ang pag-extend ng visa. Kung hindi ka ini-enroll ng kumpanya (kaso ng national insurance), ikaw mismo ang magbabayad sa city hall.

未納があると在留期間更新等が不許可になる場合がある

Pensyon: magkano ang binabayaran at paano ito maibabalik / 年金と脱退一時金

Mga 9.15% ng iyong standard salary ang ibinabawas buwan-buwan para sa employees' pension (厚生年金). Kapag 10 taon kang nagbayad sa Japan, makakatanggap ka ng old-age pension. Kung uuwi ka bago mag-10 taon, puwede kang mag-claim ng **Lump-sum Withdrawal Payment (脱退一時金)** sa loob ng 2 taon matapos umalis (hanggang 60 buwan), at pagkatapos ay **refund ng 20.42% na buwis** sa pamamagitan ng tax agent. Tandaan: mabubura sa pension record mo ang mga buwang iyon kapag nag-claim ka.

Tantiyahin ang halaga: [Nenkin calculator 2026 \(cuocsongnhat.com\)](https://www.cuocsongnhat.com/en/2026/05/16/nenkin-calculator-2026/) · 日本年金機構 ねんきんダイヤル 0570-05-1165

老齡年金の受給資格期間10年、脱退一時金（上限60か月・出国後2年以内）、受給すると期間が消えること、相談先は日本年金機構——いずれも運用要領(6)で必須の説明事項です。

7 Mga batas na nagpoprotekta sa iyo

法的保護・労働法令（運用要領 (6)・(1)⑧）

Mga bagay na krimen sa Japan / 日本で違法になる行為

- Hindi pagdadala ng residence card (laging dalhin).
在留カードの不携帯
- Pagpapahiram o pagbebenta ng residence card, insurance card, **bank account, cash card o SIM card**, kahit sa kaibigan. Krimen ito.
口座・キャッシュカード・携帯の譲渡は犯罪
- Marijuana at iba pang droga: krimen ang pag-iingat at magreresulta sa deportasyon.
大麻・覚醒剤
- Pagtanggap ng parcel para sa iba gamit ang pekeng pirma; paggamit ng inabandonang bisikleta ng iba.
宅配便の代理受領・放置自転車の使用
- Pagtatrabaho sa labas ng visa (side job sa ibang lugar nang walang permiso).
資格外活動

Ang iyong mga karapatan sa trabaho / 労働者としての権利

- Sahod na hindi mababa sa Japanese na may parehong trabaho; sakop ka ng minimum wage ng Aichi.
同等以上の報酬・最低賃金
- May dagdag na bayad ang overtime (25%+). Limitado ang oras ng overtime ayon sa 36 Agreement.
割増賃金・36協定の上限
- Nasaktan sa trabaho → babayaran ng workers' accident insurance (労災) ang paggamot at bahagi ng sahod. Huwag itago.
労災保険・休業補償
- Dapat magbigay ang kumpanya ng safety training sa wikang nauunawaan mo bago ka magsimula.
安全衛生教育
- Kung magbangkarote ang kumpanya na may hindi bayad na sahod, may programa ng gobyerno na magpapauna nito.
未払賃金立替払制度
- Walang sinumang puwedeng humawak ng iyong pasaporte o residence card.
パスポート・在留カードの預かりは不可

Kung lumabag ang kumpanya sa mga patakaran: Sabihin muna sa support person. Kung hindi nalutas → Toyohashi Labour Standards Office 0532-54-1192 o Toyohashi Immigration 0532-32-6567. Hindi ka ide-deport dahil sa pagsusumbong.

10-tanong na quiz

確認テスト（理解の記録用）

1. Ano ang numero ng telepono ng support person? Kailan puwedeng tumawag?
2. Anong araw kinokolekta ang plastik na may marka プラ sa Toyohashi? Anong supot?
3. Sapilitan ba o opsyonal ang bicycle insurance sa Aichi?
4. Saan ka lilikas mula sa dormitoryo kapag may malakas na lindol?
5. Anong numero ang tumatawag ng ambulansya? Anong numero ang pulis?
6. Kapag lumipat ka, sa loob ng ilang araw dapat iparehistro ang bagong address?
7. Kung may utang kang resident tax, ano ang puwedeng mangyari sa pag-renew ng visa?
8. Puwede bang ipahiram ang cash card sa malapit na kaibigan? Bakit hindi?
9. Kung nasaktan ka sa trabaho, sino ang magbabayad ng ospital?
10. Kapag umuwi pagkatapos ng 3 taon, anong pera ang puwedeng i-claim at hanggang kailan?

Mga sagot para sa support person: 1) tingnan ang pahina 1・2) Miyerkules, malinaw na supot・3) sapilitan・4) Ushikawa District Community Centre・5) 119 / 110・6) 14 araw・7) maaaring tanggihan ang extension・8) hindi, krimen ito・9) workers' accident insurance (労災)・10) 脱退一時金 sa loob ng 2 taon, at ang tax refund.

運用要領は「十分に理解できるまで」実施することを求めています。テストの結果を確認書とともに保管すると、理解の記録になります。

Confirmation form (tumutugma sa Reference Form 5-8)

生活オリエンテーションの確認書（参考様式第5-8号に対応・自社名入り）

Naipaliwanag sa akin at lubos kong nauunawaan ang mga sumusunod:

私は、次の事項について説明を受け、内容を十分に理解しました。

1. Pangkalahatang bagay tungkol sa pamumuhay sa Japan
本邦での生活一般に関する事項
2. Mga abiso at proseso sa pambansa at lokal na pamahalaan
届出その他の手続に関する事項
3. Mga contact para sa konsultasyon at reklamo sa kumpanya at sa mga pampublikong ahensya
相談又は苦情の申出先の連絡先
4. Mga institusyong medikal kung saan magagamot ako sa wikang nauunawaan ko
医療機関に関する事項
5. Pag-iwas sa sakuna, pag-iwas sa krimen at pagtugon sa emergency

6. Ano ang gagawin kapag nalaman ko ang paglabag sa batas, at mga bagay na kailangan para sa aking legal na proteksyon
法的保護に必要な事項

Petsa at oras / 実施日時	2026年 月 日 時 分 ~ 時 分 (Araw 1) / 2026年 月 日 時 分 ~ 時 分 (Araw 2)
Kumpanya (o registered support organization) / 特定技能所属機関 (又は登録支援機関)	サンプル物流株式会社 (※架空)
Ipinaliwanag ni / 説明者の氏名	田中 はなこ (※架空)

Pirma ng manggagawa / 特定技能外国人の署名

Petsa ng pirma / 署名日

Hindi isinusumite ang form na ito; itinatago ito ng kumpanya sa opisina ng nagbigay ng suporta. Sumusunod ang nilalaman sa Reference Form 5-8 ng Immigration Services Agency.

確認書は提出不要。署名を得て支援を実施した事務所で保管（参考様式第5-8号）。

Emergency contact card

緊急連絡カード（名刺サイズで印刷）

EMERGENCY・緊急連絡先・SAMPLE LOGISTICS TOYOHASHI

Pulis / 警察	110
Bumbero / ambulansya / 消防・救急	119
Support person / 支援担当（田中）	090-XXXX-XXXX
Kumpanya / 会社	0532-XX-XXXX
INFOPIA (konsultasyon, may Tagalog)	090-1860-0783
Ospital / 豊橋市民病院	0532-33-6111
Evacuation shelter ng dormitoryo / 避難所	牛川校区市民館
Address ng dormitoryo / 寮の住所	豊橋市牛川町〇〇（架空）

Kathang-isip ang kumpanya. Ang handbook ay kagamitan sa pagpapaliwanag; nasa tumatanggap na organisasyon o registered support organization ang responsibilidad sa pagbibigay ng suporta.

本冊子は説明に用いる教材であり、支援の実施責任は特定技能所属機関・登録支援機関にあります。会社情報は架空、地域情報は豊橋市等の公開情報（2026年9月時点）。